

# Pagsasanay sa Filipino

## Pagtukoy sa Uri ng Kaganapan ng Pandiwa (Mga Sagot)

Kakayahan: Natutukoy ang uri ng kaganapan ng pandiwa sa pangungusap

Ang sumusunod ay mga hakbang upang mapadali ang pagtutukoy sa uri ng kaganapan ng pandiwa:

1. Kapag ang ayos ng pangungusap ay *karaniwan* (nauuna ang panaguri), isulat ito na may ayos na *di-karaniwan* (nauuna ang simuno/paksa; ginagamitan ng salitang *ay*).
2. Tukuyin ang panaguri (*predicate*) ng pangungusap.
3. Tukuyin ang pandiwa sa pangungusap. (Sa pagsasanay na ito, nakalimbag na higit na maitim ang pandiwa.)
4. Ang kaganapan ng pandiwa (*complement of the verb*) ay ang salita o parirala (*phrase*) sa panaguri na bumubuo sa diwa o kahulugan (*sense or meaning*) ng pandiwa sa pangungusap. Tandaan na ang kaganapan ng pandiwa ay mahahanap sa panaguri (*predicate*) at hindi sa simuno/paksa (*subject*) ng pangungusap.
5. Ang uri ng kaganapan ng pandiwa ay batay sa kaugnayan (*relationship*) ng pandiwa at ang kaganapan nito.

---

layon 1. Uminom ng gamot ang batang pasyente.

Ang batang pasyente ay uminom ng gamot.

simuno/paksa

↓  
pandiwa

↓

kaganapan ng pandiwa

Ang pariralang ng gamot ay sumasagot sa tanong na “**Uminom** ng ano?” Kaya ang uri ng kaganapang ito ay **kaganapang layon**. Ang layon ng pandiwa (*object of the verb*) ay ang **gamot**. Ang gamot ang ininom. Ang gamot ang tumanggap ng kilos na isinasaad ng pandiwang **uminom**.

tagaganap/aktor 2. Binili ni Tomas ang mga bulaklak sa plorera.

Ang mga bulaklak sa plorera ay binili ni Tomas.

simuno/paksa

↓

panaguri

↓  
pandiwa

kaganapan ng pandiwa

Ang pariralang ni Tomas ay sumasagot sa tanong na “**Binili** nino?” Kaya ang uri ng kaganapang ito ay **kaganapang tagaganap o aktor**. Si Tomas ang gumawa ng kilos na isinasaad ng pandiwang **binili**. Siya ang bumili ng mga bulaklak.


# Pagsasanay sa Filipino

## Pagtukoy sa Uri ng Kaganapan ng Pandiwa (Mga Sagot)

Kakayahan: Natutukoy ang uri ng kaganapan ng pandiwa sa pangungusap

ganapan 3. Sumasayaw sina Maria at Juan sa entablado.

Sina Maria at Juan ay sumasayaw sa entablado.




Ang pariralang sa entablado ay sumasagot sa tanong na “**Sumasayaw** saan?”

Kaya ang uri ng kaganapang ito ay **kaganapang ganapan**. Ang **entablado** ang lugar na pinangyayarihan ng kilos na isinasaad ng pandiwang **sumasayaw**. Ginaganap ang kilos sa entablado.

kagamitan 4. Itinahi ni Nanay ang damit gamit ang makinang pantahi.


Ang damit ay itinahi ni Nanay gamit ang makinang pantahi.



Ang pariralang gamit ang makinang pantahi ay sumasagot sa tanong na “**Itinahi** sa pamamagitan ng ano?” Kaya ang uri ng kaganapang ito ay **kaganapang kagamitan**. Ang makinang pantahi ay ang bagay (instrumento o kasangkapan) na ginamit upang maisagawa ang kilos na isinasaad ng pandiwang **itinahi**.

sanhi/dahilan 5. Nadulas ang bata dahil basa ang sahig.


Ang bata ay nadulas dahil basa ang sahig.



Ang pariralang dahil basa ang sahig ay sumasagot sa tanong na “Bakit **nadulas** ang bata?” Kaya ang uri ng kaganapang ito ay **kaganapang sanhi o dahilan**. Ang pagkabasa ng sahig ay ang dahilan ng kilos na isinasaad ng pandiwang **nadulas**.

tagatanggap 6. Naghanda ng masasarap na pagkain si Ate Perlas para sa mga bisita natin.

Si Ate Perlas ay naghanda ng masasarap ng pagkain para sa mga bisita natin.



# Pagsasanay sa Filipino

## Pagtukoy sa Uri ng Kaganapan ng Pandiwa (Mga Sagot)

Kakayahan: Natutukoy ang uri ng kaganapan ng pandiwa sa pangungusap

Ang pariralang para sa mga bisita natin ay sumasagot sa tanong na “**Naghand**a siya ng masasarap na pagkain para kanino?” Kaya ang uri ng kaganapang ito ay **kaganapang tagatanggap**. Ang mga bisita ang makikinabang sa kilos na isinasaad ng pandiwang **naghand**a.

### direksiyonal

7. Si Danny ay pumasok sa loob ng kuwarto ni Raul.

simuno/paksa      pandiwa      kaganapan ng pandiwa

Ang pariralang sa loob ng kuwarto ni Raul ay sumasagot sa tanong na “Saang direksiyon pumunta si Danny?” Kaya ang uri ng kaganapang ito ay **kaganapang direksiyonal**. Ang pandiwang **pumasok** ay nagsasaad ng paggalaw mula sa isang lugar tungo sa ibang lugar. Ang kaganapang direksiyonal na may salungguhit ay nagsasabi kung saan patungo ang paggalaw (“Saan siya pumasok?”). Ang **kaganapang direksiyonal** ay iba sa **kaganapang ganapan** dahil ang kilos na isinasaad ng pandiwa (**pasok**) ay hindi ginagawa habang nasa loob ng kuwarto ni Raul. Kapag nakapasok na si Danny sa kuwarto, tapos na ang paggawa ng kilos na ito.

### layon

8. Si Tita Veron ay nagluto ng adobong manok.

simuno/paksa      pandiwa      kaganapan ng pandiwa

Ang kaganapan ay sumasagot sa tanong na “**Nagluto** ng ano?” (**kaganapang layon**)

### tagaganap/aktor

9. Inamin niya ang kanyang pagkakamali.

Ang kanyang pagkakamali ay inamin niya.

simuno/paksa

panaguri  
pandiwa      kaganapan ng pandiwa

Ang kaganapan ay sumasagot sa tanong na “**Inamin** nino?” (**kaganapang tagaganap**)

### layon

kusina.

10. Si Kuya Manuel ay naghuhugas ng mga pinggan sa

simuno/paksa      pandiwa      kaganapan ng pandiwa

Ang kaganapan ay sumasagot sa tanong na “**Naghuhugas** ng ano?” (**kaganapang layon**)

# Pagsasanay sa Filipino

## Pagtukoy sa Uri ng Kaganapan ng Pandiwa (Mga Sagot)

Kakayahan: Natutukoy ang uri ng kaganapan ng pandiwa sa pangungusap

ganapan 11. Sa plaza ng bayan itinanghal ang paligsahan na Little Miss Bicolandia.

Ang paligsahan na Little Miss Bicolandia ay itinanghal sa plaza ng bayan.

simuno/paksa                      pandiwa                      panaguri                      kaganapan ng pandiwa

Ang kaganapan ay sumasagot sa tanong na “Saan itinanghal ang paligsahan?” o “Saan ginanap ang pagtatanghal ng paligsahan?” (kaganapang ganapan)

tagaganap/aktor 12. Ang mga produktong gawa sa bayan namin ay tinatangkilik ng mga taga-Maynila.

sanhi/dahilan 13. Ang bata ay umiiyak dahil masakit ang kanyang ngipin.

ganapan 14. Ang sundo ni Carlo ay naghihintay sa gate ng paaralan.

sanhi/dahilan 15. Nakinig nang mabuti si Miranda sa guro dahil nais niyang matuto.

tagatanggap 16. Ang mga tsokolate na dinala ni Tatay ay para sa magkakapatid na sina Jake, Jason, at Jed.

direksiyonal 17. Pagkaraan ng limang taon, bumalik si Teodoro sa kanyang bansang sinilangan.

kagamitan 18. Ang resulta ng malakas na bagyo ay naipakita sa pamamagitan ng mga larawan mula sa mga satelayt.

tagatanggap 19. Ang mga dayuhan ay nag-ambag ng kanilang pera, oras, at lakas para sa mga nasalanta ng bagyong Yolanda.

direksiyonal 20. Ang mga doktor mula sa Israel ay pumunta sa lalawigan ng Cebu upang magtayo ng pansamantalang pagamutan.